



PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL GRADE 3 - MAPEH (Music)



QUARTER 3



Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

MAPEH (Music)

Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Waltan Taikun O. Taccad
Content Creator & Writer

Eugene Ray F. Santos & Arthur M. Julian
Internal Reviewer & Editor

Fe M. Ong-ongowan, Michelle Anne V. Medillo & Hiyasmin D. Capelo
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Kirt John Segui, Komisyon ng Wikang Filipino
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON Music G3



Tunog ng mga Instrumento

Aralin

I

Nakakita ka na ba ng instrumentong pangmusika? Paano mo ilalarawan ang tunog nito? Ano ang pagkakaiba ng tunog ng isang instrumentong musikal sa tunog ng ibang bagay?


Sa araling ito, maihahambing mo ang tunog ng iba't ibang instrumentong pangmusika ayon sa kanilang materyal at paraan ng pagtunog. Makikilala mo rin ang iba't ibang instrumento batay sa kani-kanilang kakaibang tunog. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ano-ano ang pangalan ng mga instrumentong ito?



D


Tandaan na ang tunog ng isang karaniwang bagay ay maaaring lumikha lamang ng ingay. Samantala, ang isang instrumentong pangmusika ay naimbento sa layuning lumikha ng magandang tunog o makapag-patugtog ng musika. Ang bawat isa ay binubuo ng mga bagay o materyal na nakalilikha ng kaaya-ayang tunog, upang makagawa ng himig o ritmo.

Halimbawa, ang gitara ay binubuo ng iba't ibang materyal tulad ng kahoy, metal, at plastik. Tingnan ang larawan sa ibaba.












Lahat ng instrumentong pangmusika ay nakalilikha ng ritmo, ngunit hindi lahat ay nakalilikha ng himig o tono.

Ang **instrumentong panritmo** ay nakagagawa lamang ng mga tunog na mabilis at mabagal, o malakas at mahina. Kadalasan ay isa o dalawang uri ng tunog o tono lamang ang kayang likhain ng instrumentong panritmo.




Samantala, ang instrumentong panghimig naman ay nakagagawa ng maraming tono, tulad ng matataas at mababang tono. Marami itong pinipindot na bahagi upang makalikha ng iba't ibang tono o himig.


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang R kung ang instrumento sa larawan ay panritmo. Isulat naman ang H kung ito ay may kakayahang gumawa ng himig. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

<p>1. harp</p> 	<p>2. bass drum</p> 	<p>3. french horn</p> 
<p>4. maracas</p> 	<p>5. organ</p> 	<p>6. tambourine</p> 
<p>7. clarinet</p> 	<p>8. snare drum</p> 	<p>9. electric guitar</p> 


Ang mga **instrumentong hinihipan** ay may tunog na mahangin. Ito ay nakalilikha ng himig o matataas at mabababang tono. Ang hangin ay nagmumula sa bibig ng musikero papasok sa butas ng instrumento, at dumadaloy sa iba't ibang bahagi nito. Ang mas maliliit na instrumento ay nakalilikha ng matataas na tono, samantalang ang mas malalaking instrumento ay nakalilikha ng mas mabababang tono. Halimbawa:



Ang mga **instrumentong may kuwertas** ay may tunog na mahaba at nakagiginhawa. Ito rin ay nakalilikha ng himig dahil ang iba't ibang haba at kapal ng mga kuwertas ay nagdudulot ng iba't ibang taas o baba ng tono. Ang mga kuwertas ay maaaring pitikin o kiskisin upang tumaginting at tumunog. Kapag mas maluwag o makapal ang kuwertas ay mas mababa ang tono nito. Kapag mas unat at manipis ang kuwertas ay mas mataas naman ang tono nito. Halimbawa:



Ang mga instrumentong hinahampas o inaalog ay may tunog na maikli. Ito ay kadalasang nakalilikha lamang ng ritmo at hindi ng himig. Maaari itong tugtugin sa pamamagitan ng paghampas ng patpat o kamay. Ang iba naman ay may laman sa loob na siyang nag-uumpugan. Halimbawa:



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, tukuyin ang mga instrumentong pang-musika ayon sa paglalawaran ng tunog nito. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Mahangin at mataas ang tono
 - A. plawta
 - B. gitara
 - C. maracas

2. Mataas at matinis ang tono
 - A. sungay ng toro
 - B. biyolin
 - C. bass drum

3. Maikli at malakas ang tunog
 - A. piyano
 - B. gitara
 - C. tambol

4. Mahangin at mababa ang tono

- A. tuba
- B. pompiyang
- C. piyano

5. Mababa at malaki ang tono

- A. trumpeta
- B. baho
- C. tambourine

Ang mga boteng may iba't ibang hugis at laki na may kani-kaniyang dami ng tubig ay maaaring hipan sa butas upang makalikha ng mga tono. Ang mga kahon, lata, o iba pang lalagyan ay maaaring kabitan ng kuwerdas upang kalabitin, o lagyan ng maliliit na laman sa loob upang alugin. Ang iba't ibang bagay na matigas at may patag na bahagi ay maaaring tapikin o hampasin ng patpat upang lumikha ng ritmo.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Makinig ng tunog ng kahit anong instrument o kaya naman ay magpatugtog gamit ang cellphone. Maaari ka ring mag-improbisa ng sarili mong instrumento gamit ang mga bagay sa paligid. Lagyan ng tsek (/) ang kolum kung anong uri ang instrumentong iyong pinatugtog. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Mga napiling instrumento	Hinihipan	May kwerdas	Hinahampas o inaalog
1.			
2.			
3.			

A

Tandaan na ang bawat instrumento ay lumilikha ng tunog ayon sa materyal na bumubuo rito, tulad ng kahoy, bakal, o plastik. Ang ritmo o himig nito ay ayon din sa paraan ng pagtugtog o pagpapatunog ng mga materyal na ito. May mga hinihipan, hinahampas, inaalog, pinipindot, o pinagagalaw ang kuwerdas.

Ang musika ay biyaya ng _____. Ang pinakaunang musika sa kalawakan ay nilikha sa pamamagitan ng pag-awit ng mga _____, o at pagtugtog nila ng mga instrumentong pangmusika tulad ng gitara at _____.

Ang bawat musikal na instrumento ay pinaghirapang buoin ng mga _____ at imbentor upang magdulot ng saya at ginhawa sa mga nakikinig ng musika, at matuto ang ibang taong tumugtog nito. Kaya, tulad ng iyong tinig, nararapat lamang na _____ at pahalagahan ang mga instrumentong pangmusika.

alagaan	musikero	trumpeta	anghel	Panginoon
---------	----------	----------	--------	-----------

Iba't ibang Timbre ng Tinig

I

Aralin

Kaya mo bang baguhin ang iyong tinig? Ano-ano ang mga uri ng boses na kaya mong gawin? Paano mo nakikilala ang isang tao sa pamamagitan lamang ng pakikinig sa kaniyang tinig?

Sa araling ito, makalilikha ka ng iba't ibang uri ng tinig, gamit ang tono ng ulo o **head tone**, wastong paghinga, at paggamit ng diaphragm.

Ang bawat tao ay may kani-kaniyang tunog ng tinig ayon sa edad, kasarian, o laki ng katawan. Ito ang dahilan kung bakit nakikilala natin ang mga tao sa paligid sa pamamagitan lamang ng pakikinig sa kanilang tinig. Mayroong boses na makapal, manipis, buo, at paos. Ang tawag sa kalidad ng tinig ng isang tao o instrumento ay **timbre**.



D

Mas mataas ang tono ng tinig ng mga bata kaysa sa tinig ng mga matatanda. Tandaan na tulad ng mga instrumento, mas mataas ang tono ng mas maliit na bagay, at mas mababa naman ang tono ng mas malaking bagay.


Ang mga babae ay may mas mataas at matinis na boses kung ihahambing sa mga lalaki na may mas mababang boses.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang simbolong # kung ang timbre ng tao ay matinis at mataas, titik **b** kung malaki at mababa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Sanggol
2. Binata
3. Paslit
4. Matandang lalaki
5. Dalagita

Kaya rin nating baguhin ang timbre ng ating sariling tinig, sa pamamagitan ng pagbabago ng posisyon ng mga bahagi ng bibig at iba pang panloob na bahagi ng katawan.

Sa pamamagitan ng pagbabago ng posisyon ng dila, ngipin, ngala-ngala, at labi, ay nakabibigkas tayo ng iba't ibang titik at nakalilikha ng iba't ibang uri ng tunog mula sa bibig.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, subukan ang iba't ibang timbre ng boses sa pagbigkas o pag-awit ng pantig na “La”. Sundan ang mga hakbang sa ibaba.

- A. Paggamit ng head tone – Ito ay ginagamit upang makaawit ng matataas na tono. Kumanta ng pinakamataas na tonong kaya mo gamit ang pantig na “La”. Itaas ang noo at kilay upang bumuka nang husto ang ngala-ngala at maabot ang matataas na nota. Damahin ang taginting sa gitna ng iyong ulo.
- B. Wastong paghinga – Ito ay ginagamit upang makaawit ng mahahabang tono, at huminga sa tamang panahon. Huminga nang malalim sa abot ng iyong makakaya. Punuin ng hangin ang baga at awitin ang pantig na “Laaa” sa pinakamababang paraang kaya mo. Hindi ito kailangang mataas o malakas, ngunit kailangan ay matagal.
- C. Paggamit ng diaphragm – Ito ay ginagamit upang makaawit ng mga malalakas na tunog o tinig na may puwersa. Tumayo nang tuwid at komportable, at hawakan ng tatlong daliri ang sikmura. Humikab at itulak papaloob ang iyong sikmura kasabay ng biglang pagsigaw ng “Lah!”

Batayan	Naisagawa	Hindi naisagawa
Paggamit ng head tone		
Wastong paghinga		
Paggamit ng diaphragm		

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang **Sampung Mga Daliri** ng tatlong beses gamit ang mga iba't ibang timbre ng tinig.



Sampung Mga Daliri

Sampung mga daliri,
kamay, at paa

Dalawang mata,
dalawang tainga

Ilong na maganda.

Batayan	Naisagawa	Hindi naisagawa
1. mahangin o paos		
2. makapal o buo		
3. matinis o matining		

A

Ang _____ ay ang pinakaunang paraan ng paglikha ng musika ng tao. Ang isang awitin ay hindi laging gumagamit ng iisang _____. Maaaring baguhin ito sa mga piling bahagi ng isang awitin upang ito ay mapaganda. Kapag may ibang taong kumanta ng isang awit, maaari ding _____ ang timbre nito. Ang paggamit ng iba't ibang timbre ng tinig ay nakatutulong din upang magpahiwatig ng akmang emosyon sa mga titik, salita, o liriko.

Ang tinig ng tao ay nakamamangha. Ito ay may kakayahang pagsamahin ang tono at timbre sa mga salita upang lumikha ng isang _____ – isang bagay na hindi kayang gawin ng mga instrumentong pangmusika. Ang tinig ay kayang tumulad ng iba't ibang tunog ng mga bagay sa _____ o mga bagay na gawa ng tao, sa tulong ng ating _____.

mabago	timbre	pagkanta
katawan	kalikasan	awitin

Malakas, Katamtaman, at Mahina

Aralin


I

Bakit kailangang malakas ang tinig ng isang taong nasa entablado? Bakit kailangang mahina ang musika sa paghehele ng sanggol? Bakit pabago-bago ang lakas at hina ng musika sa isang pelikula?

Sa araling ito, matutukoy mo ang malakas, katamtaman, at mahinang bahagi ng musika, at ang halaga nito. Makalilikha ka rin ng mga halimbawa ng musikang malakas, katamtaman, at mahina.

Mahalagang matutuhan mo ang araling ito upang malaman ang paggamit ng malakas, katamtaman at mahinang tinig sa iba't ibang sitwasyon o pagkakataon.

Paghambingin ang mga larawan sa ibaba. Ang dalawang bata ay parehong umaawit. Ngunit ano ang kanilang pagkakaiba?






D

Napag-aralan mo sa unang baitang ang malalakas at mahihinang tunog. Natutuhan mo naman sa ikalawang baitang ang wastong paglakas at paghina ng pag-awit. Ngayon, mapapalalim ang iyong kaalaman ukol sa pagbabago ng lakas o hina ng musika na tinatawag ding *dynamics*.

Ang *dynamics* ay maaaring maging malakas, katamtaman, o mahina. Maaaring magbago ang lakas o hina ng isang awitin o piyesa ng musika sa iba't ibang bahagi nito. May mga panahong mabilis ang paglakas o paghina ng isang musika, at may mga oras namang unti-unti o dahan-dahan lamang ang pagbabago ng lakas o hina nito.





May kani-kaniya ring *dynamics* ang tinig ng bawat tao, batay emosyon o naiisip nito. May mga bahagi ng isang kanta na tila bumubulong ang mang-aawit, at mayroon namang tila humihyaw. Tulad din sa pagsasalita o pagtugtog ng instrumento, ang lakas o hina ng musika ay nasa desisyon at kontrol ng musikero.

Ang tunog ay nakararating sa ating mga pandinig sa pamamagitan ng **sound waves**. Ito ay hindi nakikita, ngunit nararamdaman natin ang pagdaloy nito lalo na kung ito ay malakas. Gamit ang iba't ibang makabagong teknolohiya ay nakukunan sa retrato ang hitsura ng tunog at nasusukat din ang lakas o hina nito. Batay rito, ang hitsura ng sound wave ay mga guhit na tila bumubuo ng mga alon.

tunog ng daga	
tunog ng pusa	
tunog ng tren	

Mapapansing kapag mas mahina ang tunog ay mas maliit ang daloy ng sound wave na nalilikha nito. Kapag mas malakas naman ang tunog ay mas malaki ang daloy ng sound wave na nalilikha nito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, suriin ang mga sumusunod na halimbawa ng sound waves. Piliin ang naglalarawan sa paglakas o paghina. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. 	A. malakas – katamtaman – mahina
2. 	B. mahina – katamtaman – malakas
3. 	C. hindi nagbabago ang lakas o hina
4. 	D. nagsasalitang malakas at mahina

Katulad ng pagbuhos ng ulan, o pagdaan ng isang sasakyan, ang isang piyesa ng musika ay kadalasang nagsisimula sa mahina. Ang lakas nito ay magiging katamtaman sa bandang gitna, at lalakas naman sa rurok o kasukdulang bahagi nito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang **Bayan Ko** ni Freddie Aguilar, gamit ang iba't ibang antas ng *dynamics*: mahina (m), katamtaman (k), at malakas (M). Gumuhit ng masayang mukha 😊 kung naisagawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

Bayan Ko

Ang bayan kong Pilipinas (m)
 Lupain ng ginto't bulaklak (M)
 Pag-ibig na sa kanyang palad (M)
 Nag-alay ng ganda't dilag (k)

At sa kanyang yumi at ganda (m)
 Dayuhan ay nahalina (M)
 Bayan ko binihag ka (k)
 Nasadlak sa dusa (m)

Ibon mang may laying lumipad (M)
 Kulungin mo at umiiyak (M)
 Bayan pa kayang sakdal dilag (k)
 Ang di magnasang makaalpas (k)

Pilipinas kong minumutya (M)
 Pugad ng luha at dalita (M)
 Aking adhika (k)
 Makita kang sakdal laya (M)

Batayan	😊	☹
1. mahina (m)		
2. katamtaman (k)		
3. malakas (M)		

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, kumuha ng mga bagay sa paligid na maaaring magsilbing improbisadong natatambol na instrumento, tulad ng lapis at mesa. Pumili ng isang awit o musika na maari mong sabayan, tugtugin ang baybay o ritmo ng awiting ito ng may mahina, katamtaman o malakas na pagtambol. Gumuhit ng masayang mukha 😊 kung naisagawa at malungkot na mukha ☹️ kung hindi.

Batayan	😊	☹️
1. mahina (m)		
2. katamtaman (k)		
3. malakas (M)		

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa gabay ng iyong mga magulang, suriin ang mga sumusunod na liriko. Isulat ang maliit na titik **m** kung ito ay dapat mahina, titik **k** kung may katamtamang lakas, at malaking titik **M** kung malakas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ako ay Pilipino, ang dugo'y maharlika
Isang bansa, 'sang diwa ang minimithi ko
Taas noo, kahit kanino, ang Pilipino ay ako.

Ang kislap ng watawat mo'y tagumpay
na nagniningning
Ang bituin at araw niya
Kailan pa ma'y di magdidilim

No'ng isilang ka sa mundong ito,
laking tuwa ng magulang mo

At sa gabi'y napupuyat ang iyong nanay
Sa pagtimpla ng gatas mo

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sa gabay ng iyong mga magulang, pumili ng isang saknong mula sa iyong paboritong kanta. Salungguhitan ang mga salitang mahina ang pagkaka-awit, at isulat sa malalaking titik ang mga salitang malakas ang pagkaka-awit. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Tingnan ang halimbawa sa baba:

Halimbawa:

“Maliliit na gagamba, umakyat sa sanga.
DUMATING ANG ULAN AT ITINABOY SILA
Sumikat ang araw, natuyo ang sanga.
Ang maliliit na gagamba, PALAGING MASAYA!

Mapapansing ang paglakas o paghina ng pagkanta ay nakaayon sa liriko ng isang awitin. Kung ito ay masaya, masigla, o nakagugulat, nararapat lamang na ito ay awitin nang malakas. Kung ito naman ay malungkot, matamlay, o taimtim, nararapat lamang na ang pag-awit ay mahina.



Ang _____ ay nakapagpapayabong sa pagkamalikhain ng mga _____. Tulad ng iba't ibang palabas, ang musika ay ginagamit din sa paghahatid ng mensahe, damdamin, o kaisipan. Magiging mabisa ang _____ ng mga saloobing ito kung may angkop na *dynamics* ang mga tunog at _____. Tandaan, ang isang mahusay na musikero ay may gumagamit ng iba't ibang antas ng *dynamics*.

Ang paglakas o paghina ng kanta ay naayon sa _____ng isang awit. Kung ito ay masaya, masigla o nakagugulat nararapat lamang na ito ay awitin ng_____. Kung ito naman ay malungkot, matamlay, o taimtim nararapat lamang na ang pag awit ay_____.

dynamics	musikero	paglalahad	salita
----------	----------	------------	--------

liriko	malakas	mahiina
--------	---------	---------

Pagtugon sa Kumpas


Aralin

I

Nakakita ka na ba ng isang konduktor ng musika? Ang taong ito ay madalas makitang nakatayo sa harap ng isang malaking grupo ng mga musikero habang sila ay nagtatanghal. Siya ay nagsasagawa ng iba't ibang senyas o galaw ng kamay na tinatawag na pagkompas. Ang konduktor ang tumatayong lider na dapat sundin sa pagtatanghal ng musikang nililikha ng isang grupo.

Sa araling ito, makatutugon ka ayon sa kompas na iyong makikita batay sa lakas at hina ng isang musika.

Tingnan ang dalawang larawan ng patatanghal sa ibaba. Anong uri ng grupo ang kinokompasan ng konduktor sa bawat larawan?









Tama! Ang konduktor sa kaliwang larawan ay gumagabay sa isang grupo ng mga mang-aawit. Ang konduktor naman sa kanan ay gumagabay sa isang grupo ng mga manunugtog.

D


Kailangan ang isang konduktor upang gabayan sa pagtatanghal ang isang grupong may maraming mang-aawit o manunugtog. Tandaan na maaaring mag-iba-iba o magkani-kaniya ang takbo ng isip ng bawat musikero pagdating sa pag-awit o pagtugtog. Kung kaya kinakailangan ang isang lider upang gabayan at mapagbigkis ang tunog ng bawat isa.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek ✓ kung ang grupo ng mga musikero sa ibaba ay kailangan ng gabay ng konduktor, at ekis ✗ kung hindi .

1. 	2. 
3. 	4. 
5. 	6. 

Ang gampanin ng isang konduktor ng musika ay gabayan ang bawat musikero sa pagtatanghal. Kabilang dito ang pagkompas ng bilis, lakas, diin, haba ng mga nota, at maging timbre. Maaari niya ring punan ng sarili niyang interpretasyon ang isang piyesa ng musika ayon sa kaniyang karunungan at pagkamalikhain.


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang letrang **f** kung ang kilos ng konduktor ay malaki., at letrang **p** kung maliit. Gawin ito sa sagutang papel.



Tandaan na kapag mas malaki ang kilos ng mga kamay at braso ng konduktor, ang nais niyang ipahiwatig ay ang pagpapapatunog ng malakas. Kung ang kilos ng kaniyang mga kamay at braso ay maliliit, ang nais niyang ipahiwatig ay ang pagpapapatunog nang mahina.


Ang konduktor ay nakatayo sa harapan ng mga musikero habang nagtatanghal, kung kaya't siya ang mas nakaririnig ng kabuoang musikang nalilikha ng grupo. Dahil dito, naisasagawa niya ang wastong pagsasaayos ng awit o tugtog tungo sa pinakaperpektong paraan ng pagtatanghal nito. Sa tulong ng konduktor, nagkakasabay o nagkakatugma ang mga notang likha ng bawat musikero, mula umpisa hanggang dulo ng pagtatanghal.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang malaking titik **O** kung ang senyas ng konduktor ay upang mapalakas ang musika, at maliit na titik **o** kung mapahina.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang Lupang Hinirang ayon sa kompas ng nasa larawan. Gamitin ang antas ng *dynamics* sa pag-awit. Sagutan ang rubriks o batayan sa sagutang papel.

	<p>Bayang magiliw, perlas ng silanganan Alab ng puso, sa dibdib mo'y buhay Lupang hinirang, duyan ka ng magiting Sa manlulupig, 'di ka pasisiil</p>
	<p>Sa dagat at bundok, sa simoy at sa langit mong bughaw May dilag ang tula at awit sa paglayang minamahal Ang kislap ng watawat mo'y tagumpay na nagniningning Ang bituin at araw niya, kailan pa ma'y 'di magdidilim</p>
	<p>Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta Buhay ay langit sa piling mo Aming ligaya na 'pag may mang-aapi Ang mamatay ng dahil sa'yo</p>

Batayan	Naisagawa	Hindi Naisagawa
Naawit ko ang Lupang Hinirang ng may wastong bigkas sa titik.		
Nakasunod ako sa kompas ayon sa bahaging aking inawit.		
Nagamit ko ang iba't ibang antas ng dynamics.		



Mahalaga ang gampanin ng isang _____ , hindi lamang bilang isang lider kundi isang guro at _____ rin. Kaniyang ginagabayan ang bawat isa sa ensayo at _____ ng musika, at inaayos niya din ang mga hindi pagkakaunawaan.

Ang konduktor din ang _____ sa direksiyon at pagdidisenyo ng musika, mula sa pagpapakahulugan ng isang komposisyon hanggang sa pagtatanghal nito. Siya ang may _____ na antas ng karunungan musikal sa buong grupo, kung kaya't siya ang nararapat na _____ sa mga pagpapasiya.

namamahala	pinakamataas	sundin
konduktor	kaibigan	pag-aaral

Angkop na *Dynamics*

Aralin


I

Ano ang iyong paboritong palabas? Sino-sino ang iyong mga paboritong aktor o aktres? Gumagamit ba sila ng mahihina o malalakas na tinig? Bakit?

Sa araling ito, magagamit mo ang konsepto ng dynamics o lakas at hina ng tinig upang mapahusay ang iba't ibang panitikan, tulad ng tula, awit, dula, at kuwentong musikal.


Mahalagang matutuhan ang aralin sa angkop na dynamics upang magamit ng wasto at mahusay ang pagpapalabas o pagtatanghal.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin dito ang nagpapakita ng taong gumagamit ng mahinang tinig? Alin naman sa kanila ang gumagamit ng malakas na tinig?



D

Magagamit mo ang paglakas at paghina ng musika upang mapahusay ang iba't ibang likhang pampanitikan, tulad ng isang dula, kuwentong musikal, o pelikula. Sa paraang ito, angkop na naipahahayag ang pabago-bagong damdamin, ideya, kalagayan, o kondisyon mula sa may-akda at mga tauhan, patungo sa mga manonood.



Ang mga eksenang taimtim ay may musikang tahimik. Ang mga pangkaraniwang eksena naman ay may musikang katamtaman ang lakas. Samantalang ang mga eksenang maaksyon ay may malakas na musika. Tandaan na ang isang palabas ay hindi laging may iisang damdamin, kung kaya't ang dynamics ng musikang gamit nito ay nagbabago rin.

Ang pagbabago ng boses ay nakatutulong sa epektibong presentasyon ng mga tula, dula, awit, at kuwentong musikal. Napahuhusay nito ang pagganap ng mga artista o ang pagkanta ng mga mang-aawit. Mas kagila-gilalas ang pagtatanghal nang may wastong lakas at diin ang boses. Nakadaragdag ito ng emosyon sa mga artista o mang-aawit, at pati na rin sa mga nanonood.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, magbilang mula isa hanggang lima sa mga paraang may pagbabago ng lakas ng tinig. Bigkasin naman ang sumusunod na pahayag ng limang beses gamit ang limang antas ng dynamics. Sundin ang gabay sa ibaba. Gumuhit ng masayang mukha 😊 kung naisagawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

Antas	Mahinang -mahina	Mahina	Katamtaman	Malakas	Malakas na malakas
Bilang	“Isa”	“Dalawa”	“Tatlo”	“Apat”	“Lima”

- A. “Tulungan n’yo ako.”
- B. “Mag-ingat po kayo.”
- C. “Mahal na mahal kita.”

Mga Batayan	Mahinang -mahina	Mahina	Katamtaman	Malakas	Malakas na malakas
1. Bilang isa hanggang lima					
2. Tulungan n'yo ako					
3. Mag-ingat po kayo					
4. Mahal na mahal kita					

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang malaking titik **M** kung ang tunog o tinig ng sumusunod na aksiyon ay malakas, **K** kung katamtaman, at maliit na titik **m** kung ito ay mahina. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Humahalakhak
2. Nakikipagkuwentuhan
3. Nagdarasal nang taimtim
4. Nakikipag-usap sa telepono
5. Nagagalit
6. Bumubulong

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, basahin ang mga sumusunod na pangungusap ayon sa tamang lakas o hina ng tinig. Isulat ang titik ng angkop na damdamin at dynamics para sa bawat linya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. "Iwan ko na ang aking alagang pusa."
 - A. Masaya – Malakas
 - B. Sabik – Katamtaman
 - C. Malungkot – Mahina

2. "Ano ang iyong pangalan?"
 - A. Nagtataka – Malakas
 - B. Nagtatanong – Katamtaman
 - C. Nanghuhula – Mahina

3. "Yehey! May bago akong manika!"
 - A. Sabik – Malakas
 - B. Nagulat – Katamtaman
 - C. Masaya – Mahina

4. "Magpahinga muna tayo dahil pagod na pagod na ako."
 - A. Inaantok – Malakas
 - B. Malungkot – Katamtaman
 - C. Nanghihina – Mahina

5. "Isuot mo ang iyong *face mask* at *face shield*."
 - A. Nagagalit – Malakas
 - B. Naguutos – Katamtaman
 - C. Nagmamakaawa – Mahina

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa gabay ng iyong mga magulang, suriin ang mensahe, damdamin, o kaisipan at awitin ang mga sumusunod na bahagi. Isulat ang ginamit na antas ng *dynamics* sa sagutang papel.

Bahagi ng awit	Antas ng <i>Dynamics</i> na ginamit
1. "Siya ang lider na nagsabi ng 'kwak-kwak!'"	
2. "Sampung mga daliri, kamay, at paa."	
3. "Magtanim, magtanim mayroon kang aanihin."	
4. "Ang babae sa lansangan, kung gumiri parang tandang."	
5. "May payneta pa siya, uy!"	
6. "Mahirap hulihin, sapagkat nangagagat!"	
7. "Pagdating sa dulo, nabali ang sanga."	
8. "Di ko na nakita, pumutok na pala."	
9. "Maligayang, maligayang, maligayang bati!"	
10. "Sa aking pagtulog na labis ang himbing."	

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sa gabay ng iyong mga magulang, bigkasin ang mga sumusunod ng patula, chant o paawit. Gamitin ang antas nga dynamics. Lagyan ng tsek (✓) kung paano isinagawa.

Gawain	Mahusay	Higit na Mahusay	Pinakamahusay
<p>Bili na! Bili na! ng pandikoko Sinisigaw sa may kanto Pabili po pabili po ang tawag ko Magkano ang iyong pandikoko</p>			
<p>Tagu-taguan maliwanag ang buwan Wala sa likod, wala sa harap Pag bilang ko ng sampu Nakatago na kayo Isa, dalawa, tatlo, apat, lima Anim, pito, walo, siyam, sampu</p>			
<p>(Tono: Maliliit na Gagamba) Tayo na at Magbasa Kwentong Pambata Alamat, tula, at pabula At iba pang katha</p> <p>Pagbasa ay Pag-asa, Sabi ng guro ko! Lupa'y Pagyamanin Paunlarin ito</p>			

A

Mahalagang matutuhan kung kailan dapat gamitin ang iba't ibang lakas o hina ng _____, sa pag-awit man o _____. Sa paraang ito ay maipahahayag natin sa mas angkop na _____ ang ating mga binibigkas. Tandaan, ang isang _____ na artista ay may likas at madalas na pagbabago sa lakas at hina ng kaniyang tinig. Ang _____ ng boses ay likas na umaayon sa ating naiisip o nararamdaman. Kaya, dapat ingatan din ang lakas ng pananalita lalo na kung tayo ay may dinaramdam.

Nagbibigay laya ang _____ sa pagpapahayag ng damdamin. Ito ay _____ sa awit, tula at chant, drama, o mga kuwentong pangmusika.

tinig	damdamin	dynamics	mahusay
-------	----------	----------	---------

pagsasalita	dynamics	nagpapaganda
-------------	----------	--------------



Susi sa Pagwawasto

Week 1	Week 2	Week 3-4
Gawain sa Pagkatuto 1 1.H 2.R 3.H 4.R 5.H 6.R 7.H 8.R 9.H	Gawain sa Pagkatuto 2 1.A 2.B 3.C 4.A 5.B	Gawain sa Pagkatuto 1 1.B 2.A 3.D 4.C 1.# 2.b 3.# 4.b 5.#
Gawain sa Pagkatuto 3 1.C 2.B 3.A 4.C 5.B	Gawain sa Pagkatuto 4 1.m 2.k 3.M 4.m 5.M	

Week 5-6	Week 5-6
----------	----------

Gawain sa Pagkatuto 1 1. X 2. ✓ 3. ✓ 4. X 5. ✓ 6. X

Gawain sa Pagkatuto 2 1.p 2.f 3.p 4.f

Gawain sa Pagkatuto 3 1.o 2.o 3.o 4.o

Week 7-8

Gawain sa Pagkatuto 3 1.C 2.B 3.A 4.C 5.B	<table border="1"> <thead> <tr> <th>Mga Biblikasin</th> <th>Mahina</th> <th>Katamtaman</th> <th>Malakas</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1. "Siya ang lider na nagsabi ng 'kwak-kwaki'"</td> <td>✓</td> <td></td> <td>✓</td> </tr> <tr> <td>2. "Sampung mga daliri, kamay, at paa."</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>3. "Magtanim, magtanim, mayroon kang ganin."</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>4. "Ang babae sa lansangan, kung gumiti parang tandang."</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>5. "May payneta pa siya, uy!"</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>6. "Mahirap hulihin, sapagkat nangangagat!"</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>7. "Pagdating sa dulo, nabali ang sanga."</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>8. "'Di ko na nakita, pumutok na pala."</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>9. "Maligayang, maligayang, maligayang ba!!"</td> <td></td> <td></td> <td>✓</td> </tr> <tr> <td>10. "Sa aking pagluog ay labis ang himbing."</td> <td>✓</td> <td></td> <td></td> </tr> </tbody> </table>	Mga Biblikasin	Mahina	Katamtaman	Malakas	1. "Siya ang lider na nagsabi ng 'kwak-kwaki'"	✓		✓	2. "Sampung mga daliri, kamay, at paa."	✓			3. "Magtanim, magtanim, mayroon kang ganin."	✓			4. "Ang babae sa lansangan, kung gumiti parang tandang."	✓			5. "May payneta pa siya, uy!"	✓			6. "Mahirap hulihin, sapagkat nangangagat!"	✓			7. "Pagdating sa dulo, nabali ang sanga."	✓			8. "'Di ko na nakita, pumutok na pala."	✓			9. "Maligayang, maligayang, maligayang ba!!"			✓	10. "Sa aking pagluog ay labis ang himbing."	✓		
Mga Biblikasin	Mahina	Katamtaman	Malakas																																										
1. "Siya ang lider na nagsabi ng 'kwak-kwaki'"	✓		✓																																										
2. "Sampung mga daliri, kamay, at paa."	✓																																												
3. "Magtanim, magtanim, mayroon kang ganin."	✓																																												
4. "Ang babae sa lansangan, kung gumiti parang tandang."	✓																																												
5. "May payneta pa siya, uy!"	✓																																												
6. "Mahirap hulihin, sapagkat nangangagat!"	✓																																												
7. "Pagdating sa dulo, nabali ang sanga."	✓																																												
8. "'Di ko na nakita, pumutok na pala."	✓																																												
9. "Maligayang, maligayang, maligayang ba!!"			✓																																										
10. "Sa aking pagluog ay labis ang himbing."	✓																																												

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 locals 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

